CAUSE NO. _________________

| | | |
|---|---|---|
| **THE STATE OF TEXAS** | **§** | **IN THE COUNTY COURT** |
| | **§** | |
| **VS.** | **§** | **AT LAW NUMBER _______ OF** |
| | **§** | |
| ___________________________________ | **§** | **FORT BEND COUNTY, TEXAS** |

# PAG-AMIN NG MALIIT NA PAGKAKASALA NG TOTOO
# MISDEMEANOR PLEA OF TRUE

**PAGLABAG, SAKLAW NG PARUSA, KASUNDUAN SA PAG-AMIN (PLEA BARGAIN)**. Narito ngayon ang Nasasakdal bago ang paghaharap sa isang pag-amin dito na nirerepresenta sa Korte ang mga sumusunod: Ako ay may kakayahan sa pag-iisip at nauunawaan ko ang mga paratang na nilalaman sa Mosyon ng Estado na Bawiin ang Superbisyon ng Komunidad/Mosyon sa Paghatol ng Kasalanan kung sa alin ang parusa ay multa na hindi lalampas sa $_____________, at/o pagkakulong sa Fort Bend County Jail nang hindi lalampas ng_____________________, araw/buwan.

**PAGKILALA SA LAHAT NG MGA KARAPATAN.** Nauunawan ko na mayroon akong karapatan sa: isang pagdinig sa mosyon ng Estado upang hatulan o bawiin ang probasyon; pilitin ang mga saksi na magpatotoo sa ngalan ko; harapin at muling iksaminin ang mga nagpaparatang; pagsasakdal at pagbasa sa akin ng mga paratang sa harap ng korte; manatiling tahimik; na anumang sasabihin ko ay maaaring magamit laban sa akin; at karapatang magkaroon ng sampung (10) araw pagkaraan ang pagtatalaga ng aking abugado bago humarap sa isang pag-amin ng ***TOTOO***.

**LIMITADONG KARAPATAN NA MAG-APELA (Limited Right To Appeal). TUWIRAN AT IPAPANAGOT NA MGA KAHIHINATNAN.** Nauunawan ko na sa isang pag-amin ng ***TUNAY,*** ang korte ay maaaring tasahin ang parusa nang walang katibayan; at kung ang korte ay hindi lumampas sa napagkasunduang rekomendasyon sa pagtatasa ng parusa na ang aking karapatang mag-apela sa aking sentensiya ay limitado sa mga usapin na binanggit sa nakasulat na mosyon at pinagpasiyahan bago ang paglilitis maliban kung ang korte ay nagpapahintulot upang idagdag ang iba pang mga usapin; kung pipiliin kong gamitin ang "limitadong karapatang mag-apela" tulad ng naunang inilarawan, may karapatan akong irepresenta ng isang abogado at kung hindi ko kayang bayaran ang isang abogado o ang rekord ng apela, ang Korte ay magtatalaga ng isang abogado upang kumatawan sa akin sa pag-uusig ng apela; na mayroon akong tatlumpung (30) araw upang magamit ang aking "limitadong karapatang mag-apela" (limited right to appeal); na kung ako ay mapatunayang nagkasala, ang kasong ito ay maaaring gamitin upang maragdagan ang aking parusa kung ako ay mahatulan ng isa pang pagkakasala; at kung naaangkop, ang aking pribilehiyo sa pagmamaneho ay maaaring kanselahin, suspindihin, bawiin o tanggihan.

**REPRESENTASYON**. Ganap kong tinalakay ang kasong ito kasama ang aking abogado, at sinagot niya ang bawat tanong sa akin nang katanggap tangap.

**KUSANG PAGTALIKOD (WAIVER)**. Sa pagkakaroon ng buong pag-unawa sa aking mga karapatan, tinatalikuran ko nang may kaalaman at nang boluntaryo ang bawat karapatan na nakalista sa itaas, at nais kong humingi ng pag-amin ng ***KATOTOHANAN*** sa mga paratang sa mosyon ng Estado na hatulan o bawiin ang probasyon.

**PAG-AMIN NG SALA.** Sa harap ng korte ay aking inihahain nang may kaalaman at kusang-loob ang aking pag-amin ng ***TUNAY*** sa mga paratang na nakapaloob sa mosyon ng Estado at hinihiling sa Korte na agad na tapusin ang kaso na ito batay sa aking kasunduan ng pag-amin kasama ang tagausig. Nauunawaan ko rin na kung hindi susundin ng hukom ang kasunduan sa pag-amin (plea bargain), pahihintulutan akong bawiin ang aking pag-amin. Ipinagtatapat ko sa bawat paglabag na nakalista sa

mosyon ng Estado na magkaroon ng paghahatol o kanselahin ang probasyon na isinampa sa kasong ito at ang bawat elemento ng pag-amin sa Estado ay totoo. Nauunaawaan ko ang lahat ng mga pagpapayo na ibinigay sa akin ng Korte at ang mga kahihinatnan ng aking pag-amin.

________________________________________ ______________________

Lagda ng Nasasakdal Petsa

Isinalin ang dokumento ang lahat ng salita mula Ingles tungo sa _________________________________.

ni:_____________________________________ ______________________________________

Pangalan ng Tagasalin (mangyaring i-print) Lagda ng Tagasalin

**PAGKILALA NG TAGAPAYO**. Kumonsulta ako sa Nasasakdal na pinaniniwalaan kong may kakayahan at kung sa kanino ko lubos na ipinaliwanag ang lahat ng mga usapin na nakapaloob dito kabilang ang kahihinatnan ng imigrasyon, kung naaangkop.

☐ **BILANG ITINALAGANG TAGAPAYO**. Pinatutunayan ko na aking tinupad ang aking mga tungkulin sa ilalim ng Artikulo 26.04 (j) Code of Criminal Procedure, at humihiling sa Korte na pahintulutan akong magbitiw bilang abogado na nasa sa rekord pagkatapos ng paglilitis na ito.

___________________________________ ______________________________________

Pangalan ng Tagapayo (mangyaring i-print) Lagda ng Tagapayo para sa Nasasakdal/Petsa

**PAHINTULOT AT PAG-APRUBA NG TAGAUSIG SA KUSANG PAGTANGGI SA PAGKAKAROON NG PAGDINIG**. Ang lumagda sa ibaba na Katulong na abogado ng Distrito, sa ngalan ng Estado ng Texas, ay nagpapahintulot sa, sumasang-ayon sa, at nag-aaproba sa kusang pagtanggi ng Nasasakdal ng isang pagdinig tungkol sa mosyon ng Estado na hatulan o bawiin ang probasyon.

______________________________________ ______________________________________

Katulong na Abogado ng Distrito, Fort Bend County Petsa

SINUMPAAN AT SINANG-AYUNAN sa harap ko ng nasabing Nasasakdal sa _______ araw ng ______________, 20___.

Ng/Ni: ______________________________________

Deputy Clerk, Fort Bend County, Texas

**PAGKAKAROON NG KAKAYAHAN**. Batay sa asal at mga sagot ng Nasasakdal, **NAPAGPASIYAHAN** ng Korte na ang Nasasakdal ay may kakayahan at kusang tinatanggihan ang mga karapatan na itinakda sa itaas nang may kaalaman, pag-iisip at nang kusang-loob; at inihaharap ang pag-aming ito nang may kaalaman, pag-iisip at nang kusang-loob.

**KARAPATANG MAGKAROON NG BARIL O SANDATA, PAGKAMAMAMAYAN, MGA KAHIHINATNAN NG IMIGRASYON.** Ipinagbigay-alam ko sa Nasasakdal ng katangian ng mga habla, lahat ng mga karapatan at mga kahihinatnan bunga ng pag-amin ng ***totoo*** ; kabilang ang: na ang pagkakasala ay kinasasangkutan ng karahasan sa pamilya ayon sa ipinapakahulugan ng terminong iyon sa Texas Family Code, Seksyon 71.004 ay labag sa batas upang ang Nasasakdal ay magkaroon o bumili ng armas, kabilang ang isang handgun, mahabang baril, o bala, alinsunod sa pederal na batas sa ilalim ng 18 USC Seksyon 922 (g) (9), o Seksyon 46.04 (b), Texas Penal Code.

☐ Ipinagbigay-alam sa akin ng Nasasakdal na siya ay hindi mamamayan ng Estados Unidos.

☐ Ipinagbigay-alam sa akin ng Nasasakdal na siya ay hindi isang mamamayan ng Estados Unidos, at pinagsabihan ko ang Nasasakdal na ang isang pag-amin ng may sala o nolo contendere para sa inihablang pagkakasala ay maaaring magresulta sa pagpapaalis sa bansa, ang pagbubukod

mula sa pagpasok sa bansang ito, o ang pagtanggi sa naturalisasyon sa ilalim ng pederal na batas. Ang Nasasakdal at abogado ay natanggap, nirepaso at naisakatuparan ang kalakip na Pagkilala Tungkol sa Imigrasyon ng mga Kahihinatnan ng isang Pagkakasala/Tunay na Pag-amin. Alinsunod sa Texas Code of Criminal Procedure, ang Korte **ay NAG-AATAS** sa Opisina ng Sheriff ng Fort Bend County at/o sa Fort Bend County Community Service and Corrections Department upang i-report ang Nasasakdal sa naaangkop na mga pederal na awtoridad kung ang kanyang pag-amin ay sumasailalim sa Seksyon 2.25 ng Texas Code of Criminal Procedure.

**PAGTANGGAP NG PAG-AMIN.**

☐ **PINAGPASIYAHAN** ng Korte na mayroong sapat na impormasyon sa rekord upang payagan ang makahulugang pagsasagawa ng paghahatol, at ang Nasasakdal ay humihiling na huwag nang gawin ang report ng pag-iimbestiga at ang Korte ay sumasang-ayon sa kahilingan.

☐ Ang Korte, **NAPAGPASIYAHAN** ang pagtalaga ng tagapayo, alinsunod sa Tex. Code Crim. P. Art 26.04(j), ay **NAGPAPAHINTULOT** sa mosyon ng tagapayo na magbitiw, at **NAG-AATAS** sa Fort Bend County Clerk na gumawa ng entri sa Odyssey na naglalarawan ng mosyon ng tagapayo at ang kapasiyahan ng Korte.

__________________________________ ____________________
Tagapangasiwang Hukom Petsa Nilagdaan